

SAKIT SA PUSO NG KABABAIHAN | ALAM MO BA?



Dumarami ang nagkakasakit sa puso at ito ang **pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga kababaihan sa buong mundo.**



Maaaring magkaroon ng magkaibang mga sintomas ang mga lalaki at babae sa panahon ng atake sa puso. Maaring hindi napapansin ang mga sintomas na ito sa mahigit kalahati ng mga kababaihan.



Maaaring **iba ang mga tipo ng sakit sa puso** sa mga babae kaysa sa mga lalaki.



Ang mga komplikasyon ng pagbubuntis at maagang menopause ay ilang partikular na sanhi ng panganib sa mga kababaihan.



Ang mga babaeng may diabetes ay **3 beses na mas malamang na mamatay sa sakit sa puso kumpara sa mga lalaki.**



Lahat tayo ay may magagawa upang **maiwasan o mabawasan ang panganib ng sakit sa puso.**

I-SCAN SA IYONG PHONE
CAMERA APP

WEARREDCANADA.CA

| @CWHHALLIANCE

| #HERHEARTMATTERS



Upang maalagaan ninyo ang iba, kailangan ninyong alagaan ang inyong sarili muna. **Simulan ang pag-uusap. Bumisita sa [WearRedCanada.ca](https://www.wearredcanada.ca) o makipag-usap sa inyong healthcare provider.**

Ang proyektong ito ay sinusuportahan ng Patient Alumni Association ng University of Ottawa Heart Institute.